COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-14 ng Setyembre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

MGA RESULTA NG GUBERNATORYAL NA RECALL NA ELEKSYON – KAILAN AASAHAN ANG MGA ITO

Sa gabi ng eleksyon, nais nating lahat malaman kaagad ang mga resulta. Ngunit ang pagbibilang ng mga balota ay nangangailangan ng panahon, at kasama doon ang espesyal na eleksyon gaya ng Ika-14 ng Setyembre na Gubernatoryal na Recall na Eleksyon. Narito ang ilang dahilan kung bakit:

- Isang record ng mataas na bilang ng mga nakarehistrong botante na 1.96 milyon.
- Mas maraming mga balotang pangkoreo ang na-isyu kaysa noon dahil ang bawat aktibong nakarehistrong botante ay nakatanggap ng isang balota sa koreo.
- Ang mga balotang pangkoreo ay maaaring mabilang kung na-postmark sa o bago ang Araw ng Eleksyon at natanggap o bago ang Ika-21 ng Setyembre.
- Ang mga lokasyon ng pagboto ay nagbukas ng apat-na-araw na panahon, Ika-11 ng Setyembre hanggang Ika-14 ng Setyembre.

Sa gayon, ano ang maaari ninyong asahan sa gabi ng eleksyon?

Ang unang set ng mga resulta ay pumapasok kaagad pagkatapos ng ika-8 ng gabi. Kasama dito ang mga natanggap na balotang pangkoreo bago ang Araw ng Eleksyon, kasama ang mga balota sa mga botohan mula noong maagang botohan noong Ika-11 ng Setyembre hanggang Ika-13 ng Setyembre. Makatapos ang unang hindi opisyal na mga report, ang mga update sa gabi ng eleksyon ay idadagdag lamang ang mga balotang nabotohan sa mga botohan sa Araw ng Eleksyon.

Ang mga balota sa Araw ng Eleksyon ay dumadating pagkatapos magsara ng mga botohan ng ika-8 ng gabi. Maaaring mayroong palugid sa oras para sa susunod na set ng mga resulta dahil sa pagliligpit ng mga suplay ng mga manggagawa sa botohan sa bawat lokasyon at pagmaneho mula sa 221 na mga lokasyon ng pagboto sa buong county.

Kapag dumating na, ang mga balota sa mga botohan ay inii-scan at ang mga resulta ay pana-panahon na ia-update buong gabi hanggang sa halos ng mga presintong balota ay nabilang na.

Maaaring hatinggabi na, gayunpaman bago dumating ang mga balota ng lahat ng mga lokasyon ng pagboto sa Tagapagrehistro. Ang final na hindi opisyal na mga resulta ng gabi ng eleksyon ay maaaring hindi pumasok hanggang pagkatapos ng ika-1 ng umaga at sakop lamang ang mga balota na maaaring maibilang kaagad. Maaari ninyong i-follow ang opisina ng Tagapagrehistro sa Twitter para sa mga update.

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-14 ng Setyembre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Ang pagbibilang ng mga balota ay hindi natatapos sa gabi ng eleksyon. Ito pa ang mga natitira:

Mga balotang pangkoreo. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay ipinakoreo ang higit 1.96 milyong mga balota para sa eleksyong ito at inaasahan nasa pagitan ng 200,000 hanggang 250,000 mga balotang pangkoreo ang ida-drop off sa mga lokasyon ng pagboto o kunin sa U.S. Postal Service sa Araw ng Eleksyon. Dagdag dito, ang mga balotang pangkoreo na ipinadala bago o sa Araw ng Eleksyon ay mayroong 7 araw para dumating kung mayroong postmark sa Araw ng Eleksyon.

Pagkatapos mayroong mga probisyonal na balota. Ang mga taong hindi nakaabot sa Ika-30 ng Agosto na deadline ng rehistrasyon ay maaaring magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal hanggang sa at sa Araw ng Eleksyon. Hindi malaman kung ilang tao ang pipiling gawin iyon.

Para sa bawat probisyonal na balota, ang mga manggagawa sa eleksyon ay dapat siguraduhin na ang botante ay hindi pa nakakaboto.

Pagkatapos ng gabi ng eleksyon, ang susunod na pagbibigay ng mga hindi opisyal na resulta ay sa Huwebes, Ika-16 ng Setyembre pagtapos ng ika-5 ng hapon. Karagdagang pagpost ay maaaring maganap ayon sa kagustuhan ng Tagapagrehistro.

Gayunpaman, ang mga resulta ay dapat masertipika 30 araw pagkatapos ng Araw ng Eleksyon, sa Ika-14 ng Oktubre, at inaasahan ng Tagapagrehistro na gamitin ang bawat minuto ng panahon ng sertipikasyon upang siguraduhin na ang mga resulta ay wasto.

Para tignan ang mga resulta sa eleksyon, bisitahin sdvote.com.

###

COUNTYNEWSCENTER